# QC, gagawing sentro ng sining at kultura ni Joy B

Plano ni Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte na gawing sentro ng sining at kultura sa Pilipinas ang Quezon City.

Ito ay sinabi ni Belmonte sa kanyang mensahe sa ginanap na press conference kaugnay ng launching ng 'Pista ng Pelikulang Pilipino' na itatampok ngayong taon kaugnay ng pagdiriwang sa ika-100 taon ng Pelikulang Pilipino.

"Nagpapasalamat po ako at ginawang partner ng Film Development Council of the Philippines ang Quezon City partikular ang QCinema para sa pagsasagawa ng ikalawang Pista ng Pelikulang Pilipino. Pangarap kong maging kilala ang QC bilang sentro ng sining at kultura sa Pilipinas, ang QC ay kilala bilang City of Stars at may mga programa po tayo sa QCinema na katulong sa pagpapalawak ng mga programa sa mga pelikulang pilipino. Kaya nga hangad natin na patuloy na itong suportahan para sa mas magaganda pang mga programang tutulong para sa larangan ng pelikula sa ating bansa" bahagi ng talumpati ni Belmonte sa okasyon.

Ang walong mga pelikulang tampok sa festival ay ipapalabas sa lahat ng sinehan sa bansa simula Agosto 15 hanggang Agosto 21, 2018.

"Since the city has already shown its commitment to helping local filmmakers through the QCinema International Film Festival, FDCP wanted to partner with us to further promote PPP. Although PPP will be rolled out nationwide, the conferences, seminars, fans' day and float parade will be held here in the "City of the Stars", dagdag ni Belmonte.

Ang Grand Fans Day ng PPP ay gaganapin sa Liwasang Aurora sa Quezon Memorial Circle sa darating na Agosto 11. Ang nasabing Grand Fans Day na binansagang "Pista at the Park" ay sisimulan ng isang "float parade" mula Amoranto papuntang Timog Area at Maginhawa, patungong Liwasang Aurora. Ang mga fans ay magkakaroon din ng pagkakataong ma-meet-and-greet ang mga artista mula sa walong mga pelikula. Magkakaroon din ng palarong Pinoy, cultural presentations at food bazaar. Ang "Pista at the Park" ay libre para sa sinumang gustong pumunta.

Ang "opening night" ng PPP sa Agosto 12 ay gaganapin din sa QC at magkakaroon din ng "Film Industry Conference" sa Agosto 17 at 18 na idaraos sa Novotel Araneta Center. *(Angie dela Cruz)*